

MGA KASAYSAYAN NG PROPESIYA



Ang Haring Darating

2 Hari 11:1-21

Ang Kasaysayan...

Si Athaliah, ang malupit na reyna ng Juda ay higit pang masama kaysa kanyang inang si Jezebel. Nang ang kanyang anak na si Ahaziah ay namatay dagli niyang inagaw ang kaharian sa pamamagitan ng pagpapapatay sa kanyang mga apo na maaring humaliling hari. “Ngunit si Jehosheba... kapatid ni Ahaziah, ay kinuha si Joash na anak ni Ahaziah at itinago ito upang huwag mapatay. Kasama niya ang bata na nakatago sa bahay ng Panginoon sa loob ng anim na taon. At si Athaliah ay namuno sa lupain.” 2 Hari 11:2, 3.

Sa loob ng anim na taon, iilang mga mapagkakatiwalaang mga tao lamang ang



nakababatid na ang bata ay buhay pa at nakatago sa templo ng Dios. Si Jehoiada, ang mataas na saserdote, ay minahal at sinanay si Joash na tulad sa sarili niyang anak. Siya ang nagpanukala at nanalangin para sa takdang panahon ng pagpapakilala ng tagapagmana ng trono. Sa wakas lihim na ipinatawag ni Jehoiada ang mga pinagkakatiwalaang mga kapitan ng hukbo at sa kanila'y ipinakita na buhay pa ang bunsong anak ni Ahaziah. Naghintay sila ng Biyernes ng gabi, sa panahon ng pagtungo sa templo ng mga taong tapat para sa pagsamba sa araw ng Sabbath upang ipakilala sa kanila ang batang hari.

Kasama ng daan-daang mga nasasandatahang kawal ay dinala ni Jehoida ang tagapagmana ng trono ni David sa harap ng mga tao at ipinakilala ito. Namangha ang mga tao sa simula, ngunit nang makita nilang ipinatong ang korona sa kanya ay, “nagpalakpakan ang kanilang mga kamay at nagsabi, Mabuhay ang hari.” 2 Hari 11:12.

Nang marinig ni reyna Athaliah ang ingay ng mga

trumpeta at ng mga taong nagsasaya ay tumakbo ito at nagtungo sa templo upang masumpungan lamang na tapos na ang kanyang panahon. Nang araw na yaon, siya at ang kanyang mga tagasunod ay pinagpapatay, at ipinagkaloob kay Joash ang kahanian.

Sinasabi sa atin ng Biblia na may isang anak ni David ang lalabas sa templo ng langit sa gitna ng tunog ng mga trumpeta upang tanggapin ang Kanyang kahanian at lipulin ang mga masama.



Ang Pag-aaral...

Punan ang mga puwang pagkatapos na basahin ang bawat talata ng Biblia.

1. Sino itong haring di-magtatagal ay lalabas mula sa templo sa langit?

Apok. 14:14 *At nakita ko, at narito, ang isang maputing ulap, at nakita ko na nakaupo sa alapaap ang isang tulad ng _____ ng _____ na sa kanyang ulo'y may isang putong na ginto.*

2. Tahimik bang babalik ang Panginoong Jesus?

1 Tesalonika 4:16 *Sapagkat ang Panginoon din ang bababa mula sa langit na may _____, may tinig ng arkangel, at may _____ ng Dios.*

Jeremias 25:30 *Ang Panginoon ay _____ mula sa itaas, at ilalakas ang Kanyang tinig mula sa Kanyang banal na tahanan, Siya'y uungol nang malakas sa Kanyang kulungan, Siya ay _____*

Awit 50:3 *Ang aming Dios ay darating at hindi _____ At magiging totoong malaking bagyo sa palibot niya.*

PALIWANAG: Ang pagdating ng Panginoon ay hindi tahimik, maliwanag na ito'y maingay na hindi maipaliwanag. Walang hindi makababatid nito.

3. Ano pang ibang katibayang pisikal ang kaalinsabay ng pagbabalik ng Panginoon?

Rev. 16:18 *At nagkaroon ng napakalakas na _____, pinakamalakas na lindol sa buong kasaysayan ng sangkatauhan.*

4. Sino ang makakakita sa Panginoon sa Kanyang pagbabalik?

Mateo 24:30 *At lilitaw ang tanda ng Anak ng tao sa langit at kung magkagayon ay magsisitaghoy ang _____ ng _____ at _____ nila ang Anak ng tao na pumaparito sa mga alapaap na may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian.*

Apokalipsis 1:7 *Narito, Siya'y dumarating sa mga alapaap at makikita siya ng _____.*

PALIWANAG: Ito'y maliwanag at di-mapagaalinlangan. Ang bawat taong buhay, masama man o mabuti, ay makikita si Jesus sa Kanyang pagbabalik. Ang lihim na pagtitipon ng bayan ng Dios o "secret rapture" ay hindi masusumpungan sa Biblia.

5. Sino ang mga kasama ni Jesus sa Kanyang pagbabalik sa mga alapaap?

Mateo 25:31 *Kapag ang Anak ng tao ay dumating sa Kanyang kaluwalhatian na kasama Niya ang _____, kung magkagayon ay lulukluk siya sa luklukan ng Kanyang kaluwalhatian.*

PALIWANAG: Walang katulad ang liwanag ng pagbabalik ng Panginoon. Sa kanyang libingan ang liwanag ng isang anghel ay sapat na upang mahandusay ang lahat ng mga nagbabantay na kawal na parang mga patay (Mateo 28:2-4). Dagdag pa rito ay ang kaluwalhatian ni Jesus at ng Ama (Lukas 9:26). Ang pagbabalik ng Panginoon ay tulad ng kidlat na gumuguhit mula sa silangan hanggang kanluran (Mateo 24:27).





6. Ano ang mangyayari sa mga buhay na masama sa liwanag ng pagbabalik ng Panginoon?

2 Tesalonika 1:7,8 *Sa pagpapahayag ng Panginoong Jesus mula sa langit na kasama ang mga anghel ng Kanyang kapangyarihan, na nasa _____ na maghihiganti sa mga hindi nagsisikilala sa Dios.*

2Tesalonika 2:8 *At kung magkagayon ay mahahayag ang Tampilasan na papatayin ng Panginoong Jesus ng hininga ng Kanyang bibig, at sa pamamagitan ng _____ ng Kanyang pagparito.*

7. Ano ang mangyayari sa mga matuwid na patay sa pagbabalik ng Panginoon?

1 Tesalonika 4:16 *Ang mga nangamatay kay Kristo ay unang _____*

8. Ano ang mangyayari sa mga buhay at binuhay na mga banal sa kanyang pagdating?

1 Korinto 15:52,53 *Ang mga patay ay bubuhaying walang kasiraan at tayo ay _____. Sapagkat ang may kasiraan ay dapat na magbihis ng walang kasiraan, at ang may kamatayan ay magbihis ng walang kamatayan.*

PALIWANAG: Sa ngayon, tanging ang Dios lamang ang walang kamatayan (1Tim. 6:15,16). Ang kawalan ng kamatayan ay ipagkakaloob sa mga matuwid sa pagdating ng Panginoon at ang kanilang mga katawan ay babaguhin ng walang pagkabulok at kamatayan na tulad ng sa Panginoon (Filipos 3:20,21).

9. Pagkatapos na mabago, ano ang mangyayari sa mga matuwid?

1 Tesalonika 4:17 *Silang mga buhay at nangatitira ay _____ kasama nila (ng mga binuhay na banal) sa mga alapaap upang sumalubong sa Panginoon sa hangin.*

PALIWANAG: Ang mga banal ng Dios ay sasalubong sa Panginoon sa hangin. Ang Panginoon ay hindi tutuntong sa lupa sa Kanyang pagbabalik, tulad ng paniniwala ng marami. Siya'y mananatili sa mga alapaap ng langit.

10. Anong banal na babala ang ibinigay ng Panginoong Jesus ukol sa Kanyang muling pagdating?

Mateo 24:5 *Marami ang magsisiparito sa Aking pangalan, na sinasabi, Ako ang Kristo; at _____ ang _____.*

Mateo 24:24,26 *At magsisilitaw ang mga _____ at mga bulaang propeta, at mangagpapakita ng mga dakilang tanda at mga _____ na anupat ililigaw kung maari pati ang mga hirang. ... Kung sabihin nila sa inyo, Narito ... Siya'y nasa mga silid; _____ ninyong _____.*

PALIWANAG: "Tutuluran ni Satanas ang pagdating ni Kristo sa kanyang pagpapakita bilang isang maluwalhating nilalang at dadayain ang bilyong mga tao. Ang kanyang pandaraya ay kagilagilalas at marami ang malililang.

11. Ano ang makapipigil sa pagkadaya ng mga matuwid?

Isaias 8:20 *Sa kautusan at sa patotoo: kung sila'y hindi magsalita ayon sa _____ ay tunay na walang liwanag sa kanila.*





PALIWANAG: Ang bayan ng Dios ay hindi madadaya dahil sa alam nila ang paraan ng pagdating ng Panginoon (Mga Gawa 17:11) sa kanilang pagaaral ng Salita ng Dios. Mateo 24:25 Narito, pauna ko nang sinabi sa inyo.

12. Ligtas bang magtungo upang makita ang isang huwad na Kristo?

Mateo 24:26 *Kaya nga kung sa inyo'y sabihin, Narito, siya'y nasa ilang _____ kayong _____.*

13. Ano ang malalaman natin tungkol sa panahon ng pagbabalik ni Jesus?

Mateo 24:36 *Ngunit tungkol sa araw at oras na yaon _____ nakakaalam, kahit ang mga anghel sa langit, kundi ang Ama lamang.*

Mateo 24:33 *Kapag nakita na ninyo ang mga bagay na ito, talastasin nga ninyo na _____ na; nasa mga pintuan na nga.*

PALIWANAG: Dios lamang ang nakababatid ng takdang oras ng pangalawang pagdating ng Panginoon. Ang lahat ng pagtatakda ng oras at panahon ukol dito ay hindi ayon sa Biblia. Ngunit maliwanag na sinabi ng Panginoon na kapag nakita na natin ang katuparan ng mga tanda ng Kanyang pagbabalik (Mateo 24:4-15; Lukas 21-8-33; at II Timoteo 3-1-8), malalaman natin na ang Kanyang pagdating ay malapit na, nasa mga pintuan ng nga.

14. Ano ang gagawin ng mga anghel sa pangalawang pagdating ni Jesus?

Mateo 24:31 *Ang Kanyang mga anghel ... at _____ ang Kanyang mga hirang mula sa apat na hangin ng sanlibutan mula sa isang dulo ng langit hanggang sa isang dulo.*

PALIWANAG: Ang iyong bantay na anghel (Mateo 18:10) ay siyang maaaring unang bumati sa iyo sa pagbabalik ni Jesus. Isang pinagpalang kaisipan! Hindi katakata na tawagin ng Biblia ang pangalawang pagdating na "pinagpalang pag-asa" (Tito 2:13)!

15. Sapagkat tayo'y nabubuhay na sa malapit ng pagbabalik sa ikalawa ng ating Panginoon, papaano tayo makikiugnay sa banal na pangyayaring ito?

Mateo 24:44 *Kaya nga _____ ay _____; sapagkat paririto ang Anak ng tao sa oras na hindi ninyo iniisip.*

16. Paanong gagantimpalaan ni Jesus ang mga tao sa Kanyang ikalawang pagbabalik?

Apokapisis 22:12 *Narito, Ako'y dumarating na madali; at ang Aking ganimpala ay nasa akin, upang bigyan ng _____ ang bawat tao ayon sa kanyang mga _____.*

PALIWANAG: Ang mga tao ay maliligtas sa pamamagitan ng biyaya, ngunit magagantimpalaan ayon sa kanilang likas, hindi ayon sa kanilang pag-aangkin (Mateo 7:21-23).





17. Ano ang sasabihin ng mga liko kung nagbalik na ang Panginoon?

Apokalipsis 6:15-17 *At ang mga hari sa lupa, at ang mga prinsipe, at ang mga pangulong kapitan at ang mga mayayaman, at ang mga makapangyarihan, at ang bawat alipin, at ang bawat laya. ... At sinasabi nila sa mga bundok at mga bato, Mangahulog kayo sa amin, at kami'y inyong itago sa mukha noong nakaupo sa luklukan ... Sapagkat dumating na ang araw ng Kanyang kagalitan at _____ ang _____?*

PALIWANAG: Sa panahon ng kakilakilabot na lindol, ang mga liko—sa matinding pagkatakot ay mamabutihin pang bagsakan ng mga bundok at bato kaysa humarap nang hindi handa sa Haring Hesus.

18. Ano ang sasabihin ng mga matuwid sa pagpapakita ni Jesus?

Isaias 25:9 *Narito ang ating Dios na ating hinihintay, at _____ tayo. ... tayo'y matutuwa at magagalak sa Kanyang pagliligtas.*

19. Ano ang tanging layunin ni Jesus sa Kanyang ikalawang pagparito?

Juan 14:3 ... *Ako'y muling babalik at _____ ko _____ sa aking sarili, upang kung saan Ako naroroon, kayo naman ay dumoon.*

PALIWANAG: Ang kapanapanabik na adhikain ng Panginoon sa Kanyang pagbabalik sa lupa ay upang kunin Niya ang Kanyang mga anak at dalhin sa maluwalhating tahanan na inihanda Niya para sa kanila. Wala ng luha, kalungkutan, sama-ng-loob o karamdaman magpakailan man.



Ang Iyong Tugon

Ang Panginoon ay darating na sa mga alapaap. May panukala ka ba na maging handa sa pagsalubong sa Kanya?

TUGON: _____

Karagdagan

Ang bahaging ito ay mga dagdag na impormasyon para sa dagdag na pag-aaral.

Ang Teorya ng "Secret Rapture"

Ang teorya ng "secret rapture" ay ayon sa walong batayan na tinatanggap ng maraming tao bilang isang katotohanan na kulang sa pagsusuri. Gayon man, upang tayo'y makatiyak ay araw-araw nating saliksikin ang mga Kasulatan upang ating malaman kung ang mga bagay na yaon ay gayon nga (Mga Gawa 17:11). Ang mga batayan ng teoryang ito ay ang mga sumusunod:

1. Ang "rapture" ay tahimik.
2. Ito'y hindi nakikita.
3. Ang "rapture" ay iiwang buhay ang mga masama.
4. Aalisin ng Dios ang mga matuwid upang ipagsanggalang sila sa kabagabagan.

5. May dalawang bahagi ang ikalawang pagbabalik ni Kristo: (1) ang “secret rapture”, (2) ang pagbabalik na nakikita at maluwalhati.
6. Ang dalawang bahaging ito ay may pagitang pitong taon.
7. Ang “secret rapture” ay magaganap bago mahayag ang Antikristo, na siyang magdadala ng mga kabagabagan.
8. Ang mga masama naman ay mayroon pang pangalawang pagkakataon na magbago at maglingkod kay Kristo.

Ang karagdagang ito ay hindi sapat upang matalakay nang may pagsususi ang mga bagay na ito. Ang una at ikalawa ay sakop na ng araling ito, ngunit binanggit muli upang mabigyang-diin.

1. Ang “rapture” ay hindi tahimik, kundi maingay. Sinasabi ng Kasulatan na ang Panginoon ay babang “mayroong isang SIGAW, may TINIG NG ARKANGHEL, at may TRUMPETA NG DIOS.”
1 Tesalonika 4:16. Sinasabi ni David, “Ang ating Dios ay darating at hindi Siya tatahimik... At magiging totoong malaking bagyo sa palibot Niya.” Awit 50:3. Sinasabi ni Jeremias, “Ang Panginoon ay uungol mula sa itaas, ... at ilalakas ang Kanyang tinig. ... Siya’y sisigaw ... Ang ingay ay darating sa mga wakas ng lupa.” Jeremias 25:30, 31. Walang katahimikan dito. Si Kristo ay darating na may ingay na maririnig sa buong sanlibutan. Tandaan ninyo ito. Kung daratnan Niya kayong buhay, maririnig ninyo Siya.
2. Ang “Rapture” ay makikita ng lahat. Ang lahat na mga anghel ay darating na kasama ng Panginoon (Mateo 25:31). Isang anghel ang nakita ng mga kawal na tanod sa libingan ng Panginoon at sila’y nagmistulang mga patay sa pagkasubasob sa lupa dahil sa kaliwanagan nito. (Mateo 28:2-4). Isaalangalang ninyo ang kaliwanagan ng lahat ng mga anghel ng langit! Idagdag pa ang kaluwalhatian ng Panginoon (Mateo 25:31) at ang kaluwalhatian ng Ama (Mateo 16:27). Idinagdag ng Panginoon, “Sapagkat gaya ng kidlat na gumuguhit sa silangan, at nakikita hanggang sa kalunuran; gayon din naman ang pagdating ng Anak ng tao.” (Mateo 24:27. Lihim? Hindi! Ito’y tinapos na ng Kasulatan sa pamamagitan ng Apokalipsis 1:7, Narito Siya’y dumarating sa alapaap; at bawat mata ay makikita Siya.”
3. Ang “rapture” ay hindi iiwan ang mga masamang buhay. Sila’y pupuksain sa pagdating ng Panginoon. (Isaias 11:4, Malakias 4:1; 2 Tesalonika 2:8)
4. Hindi aalisin ng Diyos ang mga matuwid mula sa kabagabagan, kundi ipagsasanggalang sila mula rito (Awit 91:5-12)
5. Ang ikalawang pagbabalik ni Kristo ay hindi nahahati sa dalawang bahagi, isang lihim, at isang nakikita ng lahat.
6. Hindi ayon sa Biblia ang aral na may pagitang pitong taon ang dalawang bahagi ng pagbabalik ni Kristo.
7. Ang anti-Kristo ay hindi magpapakita tatlo-at-kalahating taon makaraan ang ikalawang pagbabalik ni Jesus. Abala na itong gumagawa sa loob ng mga maraming siglo (1 Juan 4:3) hangga ngayon.
8. Wala ng ikalawang pagkakataon ang masama na maligtas pagkatapos ng ikalawang pagdating. Ang lahat ng masama ay pinatay na. Ang sinoman ay wala ng pagkakataon pa pagkatapos na dumating ang Panginoon.

